Mga Magulang ng Mag-aaral na Papasok sa Sunod na Taon,

## ～Para sa kinabukasan ng inyong anak, piliin ang tamang lugar～

Para sa mga batang may kapansanan at developmental disability

# Paghahanda sa Pag-aaral

Isang taon na lamang at papasok na ang inyong anak sa paaralan. Kaalinsabay ng pag-asa, alam namin na mayroon din kayong mga alalahanin.

Sa pagpasok sa elementarya, kumpara sa kindergarten o nursery school, mas dadami ang sitwasyon kung saan kailangang sumunod ang lahat ng mag-aaral sa instruksyon na ibibigay ng guro. Magsisimula na din ang ang lesson kung saan kailangang umupo at makinig ng 45 minuto.

Inirerekomenda namin na pag-isipan ninyo ang tamang "lugar para sa pag-aaral," ng inyong anak kung may alalahanin kayo sa pagsali ng bata sa pangkalahatang aktibidad at mga leksyon sa paaralan. Alamin po ninyo ang iba-ibang "lugar para sa pag-aaral" at hanapin ang naangkop para sa inyong anak.



## Halimbawa, mayroon ba kayong problema sa ...

### Pag-aaral

- ☐Mabagal umintindi
- ☐Nahihirapang umintindi sa pakikinig
- ☐Hindi naiintindihan ang hugis ng letra at walang interes
- ☐Madaling maguluhan at hindi natatapos ang ginagawa



### Pag-uugali

- ☐Mabagal ang paggalaw
- ☐Hindi mapakali at hindi mapatigil sa isang lugar
- ☐Nagpapanic kung may biglaang nabago sa plano
- ☐Nahihirapan sa pagbabago ng mood



### Pakikisalamuha

- ☐Maraming nagiging trouble sa paligid
- ☐Nagmumura, nananakit
- ☐Nahihirapan sa pagsali sa group activity at events
- ☐Madalas na hindi makagawa ng angkop sa sitwasyon



## Ano bang mayroon na "lugar para sa pag-aaral "?

### Elementarya

#### Regular class

Ito ang regular na klase. Nagsasagawa ng lesson para sa lahat. Dito nagtuturo at tumutulong sa mga pangangailangan sa pag-aaral at pamumuhay sa paaralan.



#### Tsukyu class

Tumatanggap ng indibidwal na suporta sa ibang classroom sa loob ng isa hanggang dalawang oras sa isang linggo habang pumapasok pa rin sa regular na klase.

※Ang Tsukyu class ay magsisimula sa Grade 2 , dahil mahalaga para sa mga Grade 1 na masanay sa buhay paaralan.

※ Ang tsukyu class ay para sa independent activity at hindi po ito tutorial class.

Pakikisalamuha at sama-samang pag-aaral

#### Special needs class

May klase para sa mga batang may problema sa paningin, problema sa pandinig, may intellectual disability, may physical handicap, infirmity/ panghihina, language impairment, autism, at problemang emosyonal.

Ang maksimum na bilang ng estudyante sa isang klase ay walo (8). Binabago ang teaching method at nilalaman ng aralin batay sa pangangailangan ng bawat isa. Konti lamang ang bilang ng mag-aaral.

Pakikisalamuha at sama-samang pag-aaral

### Special Needs School

May mga paaralan para sa mga batang may problema sa paningin, may problema sa pandinig, may intellectual disability, may physical handicap at mga may problema sa kalusugan. Kaunting bilang ng estudyante lamang bawat klase at binibigyan ng espesyal na tulong na angkop sa bawat isa. Mayroon ding exchange at learning events sa mga school sa lugar ng tirahan.



Maaaring baguhin ang "lugar para sa pag-aaral" batay sa sitwasyon ng kapansanan at developmental disability ng inyong anak. Hindi po kailangan na magpatuloy na mag-aral sa pinasukang lugar lamang, kaya pag-isipan po kung saan makakuha ng pinakatamang suporta batay sa sitwasyon ng inyong anak.

# ～Iskedyul para sa suporta sa pag-aaral～ Ano ang dapat gawin at hanggang kailan?～

| | Elementary school<br>Regular class, special needs class | Special-needs school | Toyota City Board of Education |
|---|---|---|---|
| Abril | | | |
| Mayo | School visit<br>Open school<br>Educational Consultation | School Orientation<br>School visit<br>Open School<br>Educational Consultation | |
| Hunyo | Pumunta sa school ng kahit ilang beses kasama ang inyong anak at pag-isipan kung naa-angkop na paaralan ito sa bata. | | Toyota City Educational Consultation Meeting |
| Hulyo | | | May magbibigay ng advise at mga impormasyon tungkol sa pag-aaral ng inyong anak at tungkol sa kailangang tulong sa pagpasok. |
| Agosto | | Sabihin sa school ang gustong gawin ng magulang | Toyota City Educational Consultation Meeting |
| Setyembre | Sabihin sa school ang gustong gawin ng magulang | | |
| Oktubre | Maaaring sumali sa lesson ng grade 1 at special class. Hanapin ang angkop na lugar para sa pag-aaral ng bata. | | Health check bago pumasok |
| Nobyembre | <br>School visit<br>Open school<br>Bago ang pasukan, pumunta sa school ng ilang beses upang masanay at maging smooth ang pagpasok. | <br>School visit<br>Open school | Toyota City Educational Support Committe<br>・Sabihin ang nais gawin ng bata at magulang<br>・klase at bigat ng kapansanan<br>・resulta ng developmental test<br>・diagnosis ng doktor<br>・obserbasyon sa klase<br>・magdedesisyon tungkol sa indibiduwal na kailangang tulong sa pag-aaral<br>Ipapaalam sa magulang ang resulta mula sa school |
| Disyembre | Isagawa ang desisyon kung saan papasok | | |
| Enero | School orientation | School orientation | Ipapadala ang notis sa pagpasok (nyugakushiteitsuchi) |
| Pebrero | | | |
| Marso | | | |
| Abril | <Simula ng pagpasok>Paggawa ng individual support plan・simula ng suporta | | |

## Paghahanda sa Pag-aaral Q&A



Q：Saan ba puwede mag-aplay para sa pagbisita sa paaralan at pagsali sa open school?
A：Tumawag lamang po ang magulang sa special needs education coordinator ng bawat paaralan at mag set ng appointment.

Q：Paano ba mag-aplay para sa Toyota City Educational consultation meeting?
A：Mayroon pong imbitasyon para sa educational consultation meeting na ginaganap ng Sabado at Linggo ng Hunyo at Agosto bawat taon na ipinapadala sa inyong kindergarten. Maaari din pong magsagawa ng indibidwal na konsultasyon (weekdays 9:00 AM~5:00 PM). Tumawag lamang po kayo at mag set ng appointment sa adviser ng consultation center (PALC Toyota).

Q：Ano ang dapat gawin kung kailangan ng "medical care?"
A：Magsabi lamang sa inyong paaralan at mag-aplay sa Board of Education ng tulong para sa medical care ng inyong anak. Ipaalam na kailangan ng medical care sa special education needs coordinator ng inyong school hanggang sa katapusan ng Setyembre.

Para sa mga tanong tungkol sa pag-aaral ng inyong anak na may kapansanan at developmental disability:
PALC Toyota（TEL 32-6595）